RESEARCH ARTICLE

# Bakla at Muslim Pilipino: Tungo sa malayang kapayapaan

**Paul Mark "Mohammed Amir" Andres**

Author's email address: paulmarkandres@gmail.com

*University of the Philippines-Diliman, Quezon City, Philippines.*

**ABSTRACT (ABSTRAK)**

**Introduction (Panimula):** Ang Rehiyong Awtonomo ng Bangsamoro sa Muslim Mindanao ay nagpapaigting sa kaparatan ng mga tao tulad ng katutubo at higit sa lahat ay mga muslim. Ang muslim ay ang tumatalima sa Islam at katuruan nito sa pamamagitan ng pagtanggap o pagsasaksi ( ٱلشَّهَادَةُ ) sa kaisahan (توحيد) ng Allah (سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى) at bunga nito ang isang muslim ay nagiging bahagi ng relihiyon (دين) ng kapayapaan sapagkat ang kapayapaan sa arabe (سلام) ay nag mula sa kaparehas na salitang ugat ng Islam, ang (سِلم). Ngunit paano bibigyan ng mukha ang kapayapaan sa mga baklang sasailalim sa rehiyong ito sa kulturang hindi hinihikayat (Haram) ang pagpapahayag (gender expression) ng pagiging bakla?

**Objective (Layunin):** Ang pananaw sa bakla ay hindi basta salita bagkus ay isang buong pananaw (holistikong pagtingin sa tao) o pilosopiyang nakapaloob sa kulturang Pilipino na maaring magamit upang maging tulay sa pilipinong kultura ng mga muslim na huhubog sa ating sariling karanasan ng totoong kapayapaan ang malayang kapayapaan

**Methodology (Pamamaraan):** Ang papel na ito ay magtatangka na pagtalabin ang konsepto ng bakla sa konsepto ng Pilipinong muslim gamit ang pamamaraan at dulog ng paglalahad ng kasaysayan na may saysay (dulog ng Qasas قَصَص ) na may pagtindig sa tradisyon ni Ibn Khaldun ang pagsasaysay ng makatotohanang pagsasaysay na sa yaong dulog ay maaring magdulot ng tatlong bunga.

**Result (Bunga):** (1) una, ito ay maaring magpalalim sa pag unawa (Verstehen) sa bawat isa at maging daan tungo sa karanasan ng malayang kapayapaan dahil ang paggamit ng kultura sa talakayan ay nakaugat at mas malapit sa sariling kultura't pananampalatayang Pilipino (2) ang paggamit ng katutubong kultura ay maaring maging mas mabisa sa pagpapalaganap ng kapayapaan dahil malapit ito sa kultura ng taong tatanggap (3) ang katutubong kultura ay malilinang dahil kasabay ng pananampalatayang Pilipino ay magagamit ito sa pagtindig ng kapayapaan na naaayon sa konteksto at pananaw ng mga Pilipino

**Conclusion (Tugatog):** Sa pamamagitang ng paglalahad ng saysay sa kasaysayan makikita natin ang pagkakapareha ng katangiang bakla bilang banayad at mabuti na tumutugon sa katangian ng muslim bilang mabuti na may katangiang لِنْتَ at بِٱلْقِسْطِ na maaring magamit bilang tulay ng dalawan tradisyon.

**Keywords:** *kapayapaan, queer theology, sexuality, relihiyon*

## Introduction (*Panimula*)

Noong taong 2019, naitatag ang Rehiyong Awtonomo ng Bangsamoro sa Muslim Mindanao na mas kilala sa pangalang Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Nagkaroon ng dalawang plebisito na nauukol sa Bangsamoro Organic Law at nagbunga ito noong Enero 21 nang inihayag ang pagpapatibay nito ng Komisyon sa mga Halalan (Commission on Elections). Ang hakbang na ito ay nagpapaigting sa kaparatan ng mga tao tulad ng katutubo at higit sa lahat ay mga Muslim. Ang Muslim ay ang tumatalima sa Islam at katuruan nito sa pamamagitan ng pagtanggap o pagsasaksi ( ٱلشَّهَادَةُ ) sa kaisahan (توحيد) ng Allah (سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى). Bunga nito, ang isang Muslim ay nagiging bahagi ng relihiyon (دين) ng kapayapaan sapagkat ang kapayapaan sa Arabe (سلام) ay nagmula sa kaparehas na salitang ugat ng Islam, ang (سِلم). Ngunit paano bibigyan ng mukha ang kapayapaan sa mga baklang sasailalim sa rehiyong ito sa kulturang hindi hinihikayat (Haram) ang pagpapahayag (gender expression) ng pagiging bakla? Ang

pananaw sa bakla ay hindi basta salita bagkus ay isang buong pananaw (holistikong pagtingin sa tao) o pilosopiya na nakapaloob sa kulturang Pilipino na maaring magamit upang maging tulay sa Pilipinong kultura ng mga Muslim na huhubog sa ating sariling karanasan ng totoong kapayapaan – ang malayang kapayapaan.

*Ang Malayang Kapayapaan*

Ang kapayapaan ay isang karanasan na may iba't ibang mukha ngunit ang kapayapaang nahihiya ay hindi tunay na kapayapaan. Ang maling pagtingin sa isang tao ay maaring sumira ng mukha ng isang tao at tulad nito, ang maling pananaw sa bakla ay maaari ding magdulot ng pagkasira ng isang matandang kultura ng mga Pilipino dahil ang konsepto ng bakla ay isang matandang karanasan ng ating mga ninuno. Kaya ang papel na ito ay magtatangka na pagtalabin ang konsepto ng bakla sa konsepto ng Pilipinong Muslim gamit ang pamamaraan at dulog ng paglalahad ng kasaysayan na may saysay (dulog ng Qasas قَصَص), na may pagtindig sa tradisyon ni Ibn Khaldun at sa pamamaraan at dulog na yaon ay maaring magdulot ng tatlong bunga: (1) ito ay maaring magpalalim sa pag-unawa (Verstehen) sa bawat isa at maging daan tungo sa karanasan ng malayang kapayapaan dahil ang paggamit ng kultura sa talakayan ay nakaugat at mas malapit sa sariling kultura't pananampalatayang Pilipino; (2) ang paggamit ng katutubong kultura ay maaring maging mas mabisa sa pagpapalaganap ng kapayapaan dahil malapit ito sa kultura ng taong tatanggap; at (3) ang katutubong kultura ay malilinang dahil kasabay ng pananampalatayang Pilipino ay magagamit ito sa pagtindig ng kapayapaan na naaayon sa konteksto at pananaw ng mga Pilipino.

*Bakla: Hiraya ng Pagka-Pilipino*

Sa kasalukuyan, ang pagiging bakla ay may positibo at negatibong pagtingin. Madalas ang pagtingin dito ay nakaugat sa konsepto na naunawaan o naranasan sa media, lipunan, at mga kwentong bayan na ginagawang katatawanan ang bawat aspekto ng pagiging bakla na minsan pa nga ay natatali ang bakla sa konsepto ng kasalanan. Dahil din ito sa pagtingin ng nakararaming Kristyano at Muslim na kasalanan ang mga gawaing bakla at mas higit pa rito, ay masama o makasalanan ang pagiging bakla [1]. Ngunit ito ay taliwas sa sinaunang karanasan ng mga Pilipino sa bakla sapagkat ito ay nakatuon sa kulturang buo (holistiko) at may malalim na pag unawa sa pagkatao ng tao. Ang bakla ay hindi lamang isang salita ngunit ito ay katagang tila baga sisidlang nagtatago ng isang katotohanang naka-angkla sa kultura na may sariling mundo at pilosopiya na ayon nga kay Ludwig Wittgenstein "ang limitasyon ng wika ay ang mga limitasyon ng ating mundo"[2]. Samakatuwid, ang pag-unawa sa bakla ay pag-unawa sa kulturang Pilipino, at ang pag unawa dito ay magtutulay sa atin upang maunawaan ang ating pagka-Pilipino. Ang bakla ay tinatawag ding bayot sa Cebuano at agi sa Hiligaynon. Isa itong karanasan sa isang tao na lalaki ang itinakda ng lipunan ngunit pangbabae ang pag lalahad [3] ng sarili [4] na madalas na tinatalaga bilang ikatlong kasarian [5]. Ito ay maiuugat sa mas matandang karanasan ng mga Pilipino sa kasaysayan sapagkat tulad ng bakla, ang babaylan bilang asog, bayoguin, bayot, at bantut din ay nagtataglay ng panglalaking katawan [6] ngunit naglalahad ng pangbabaeng katangian "upang dinggin ang kanilang panalangin ng mga ispiritu" [7]. Sapagkat ang babaylan ay pinuno sa larangan ng lipunan at relihiyon, makikita natin na ang babaylan ay may tikas at kasabay nito ay ang banayad at malumanay na kakayahan ng paglalahad ng dalawang katangian ng lalaki at babae. Samakatuwid, dahil ang babaylan ay isa sa mga tinitingnang pinuno sa lipunan at relihiyon, ito ay may katangiang mabuti dahil ang pagkapinuno sa konsepto ng mga Pilipino ay naayon sa lipunang may ugnayang matalik dahil naka-angkla ito sa konsepto ng barangay kung saan ang salitang ito ay mula sa balangay na isang uri ng bangkang ginamit ng mga Malay na nanirahan sa Pilipinas mula Borneo [8]. Ang balangay ay maliit lamang na kumunidad at dahil sa sukat nito ay may matamis at mas malapit na ugnayan ang nabubuo sa mga kasapi nito. Dahil sa liit ng populasyon ng barangay [9], isa sa mga katangiang maaring makita sa maliliit na samahan o lipunan na matatagpuan din sa karanasan ng langgal ay ang ugnayang hiyang [10]. Bilang pinuno makikita natin na mataas ang tingin ng sinaunang Pilipino sa mga nagtataglay ng katawang lalaki ngunit may kakayahang ilahad [11] ang sarili sa pangbabaeng paraan. Dahil sa nakaatas na responsibilidad, masasabi natin na katarungan at kabutihan ng nakararami ang tuon ng isang babaylan sapagkat dahil sa matalik na ugnayan nila sa mga tao ay mataas padin ang tiwala sa kanila ng mga Pilipino. Ang bakla bilang makabagong babaylan ay humahanap ng puwang sa makabagong Pilipinong lipunan. Tulad ng babaylan, ang bakla ay nagtataglay ng katawang lalaki na may kakayahang maglahad ng babaeng pamamaraan. Ngunit hindi tulad ng babaylan, ang bakla ay may mas kahanga-hangang kakayahan dahil sa sila ay banayad, mabuti, at makatarungan sa gitna ng hamon ng bagong lipunang naimpluwensyahan ng kanluraning kaisipan na patriyarkal. Dahil sa kapangyarihan at paghanga na ibinibigay ng sinaunang Pilipino sa babaylan sa larangan ng pulitika, lipunan, at relihiyon, masasabi natin na ang pagkababaylan ay hulagway at hiraya ng isang Pilipino; at dahil ang bakla ay ang tagapagmana at nagtataglay ng kanilang natatanging kakayahan sa paglalahad ay ating

mahihinuha na ang bakla ay ang makabagong hiraya at hulagway ng isang tunay na Pilipino.

Samakatuwid, ang bakla ay may mayamang kahulugan sa karanasang Pilipino na hindi makikita sa karanasan ng mga katagang kanluranin tulad ng male homosexual o gay. Hindi natin sinasabi na mas mataas ang bakla kaysa sa kanluraning kataga ngunit masasabi natin na natatangi ang karanasan sa bakla ng mga Pilipino na natatago sa konsepto ng bakla sa ating lipunan. Halimbawa ang salitang bakla ay laging tinatambal sa salitang maganda at hindi sa salitang matipuno na marahil ay nakaugat sa kulturang Pilipino na lahat ng mabuti ay maganda at ang maganda ay hindi lamang nakatuon sa pisikal na anyo bagkus nakatuon ito sa buong pagkatao ng tao kaya madidinig natin ang salitang magandang kalooban tuwing nakakatunghay tayo ng mabubuting gawa. Buo ang pagtingin ng tao sa magandang bakla kaiba sa banyagang kataga.

*Pilipinong Muslim o Muslim na Pilipino*

Ang pagkamuslim ng isang Muslim ay nauugat sa kanyang pananampalataya na isinasaksi katuwang ng isang pahayag( ٱلشَّهَـــادَةُ ) ngunit hindi lang dito natatapos ang pagkamuslim ng isang Muslim bagkus ay nagiging Muslim din sya sa pagtitindig ng kanyang kilos at gawa na kung tawagin sa Arabe ay adab ( أدب ). Ito ay ang pagpapakapino, pagmamagandang asal, moral, akmang kilos, at higit sa lahat, ang pagpapakatao [12] ayon sa pamantayang Islam. Hindi kayang ilahad ang adab sa isang papel lamang ngunit ang papel na ito ay pumili ng tatlong natatanging asal bilang panimula sa pagpapakita ng halimbawa na ang adab at ang kulturang Pilipino ay may puwang sa pag uugnayan patungo sa malayang kapayapaan. Natatangi ang Muslim sa Pilipinas dahil sa sariling karanasan nito tulad ng muslim sa Indonesia, Turkiya, o sa Saudi na binubuklod ng iisang pananampalatayang Islam ngunit may sariling paraan ng pagsasabuhay na tinatawag na kultura. Upang maunawaan ng bahagya ang Muslim sa Pilipinas, marapat lamang na kilalanin natin ito sa kanyang sariling pananaw mula sa islamikong pagtingin at sa kanyang Pilipinong karanasan. Ang katagang Pilipino ay nakaangkla sa kanluraning pagkakakilanlan dahil ito ay pamana ng mga dayuhan sa atin. Sa katunayan ay hinango ang pangalan ng bansa sa pangalan ng hari ng Espanya [13] ngunit ang karanasan ng mga Pilipino ay mas matanda pa kaysa sa katagang ito. Samakatuwid, ang Pilipino ay hindi lang Pilipino sa kataga bagkus ay pangkat ng mga taong kumikilala sa kanyang kasarinlan bilang Pilipino[14]. Sa kabilang dako naman, ang Muslim ay nakaugat sa mas matandang tradisyon mula sa ika-7 siglo – ang relihiyong Islam. Ang Muslim ay ang taong tumatalima sa inihayag na mensahe ng kaisahan ng Allah (سبحانه وتعالى) sa pamamagitan ng pagsaksi o tinatawag na shahada ( ٱلشَّهَـــادَةُ ) [15]. Ang Muslim (مسلم) ay mula sa tatlong ugat na letrang Arabe na م ل س na pinag ugatan din naman ng salitang Islam (إسلام) at salam (سَلاَم) o kapayapaan. Kaya naman mahihinuha natin na ang katangian ng isang Muslim ay naglalahad ng salam (سَلاَم) o kapayapaan. Ngunit upang bigyan ng mukha ang kapayapayaan, ang Quran bilang isa sa pinaka saligan ng turo ng Islam ay naghahayag ng mga natatanging katangian upang ilahad ang isang Muslim at isa na rito ang pagiging mabanayad, malumanay, o maluwag [16] sa kanyang kapwa sapagkat ang Allah (سبحانه وتعالى) ay mahahabagin.Ating mababasa sa 3:159 ang sumusunod:

*"Dahil sa pagkahabag ni Allah kaya ikaw ay maluwag sa kanila (O Muhamad), sapagka't kung ikaw ay naging mahigpit at mabangis ang puso, sila ay maghihiwalay sa iyong kapaligiran. Kaya patawarin sila at humingi ng kapatawaran para sa kanila at makipagsangguni sa kanila tungkol sa pagpapakilos ng mga gawain. At kapag ikaw ay nakapagpasiya, sa gayon ilagay ang iyong pagtitiwala kay Allah. O! si Allah ay mahal ang mga yaong naglagay ng kanilang pagtitiwala (sa Kanya)."*

فَبِمَا رَحْمَةٍ مِّنَ ٱللَّهِ لِنتَ لَهُمْ ۖ وَلَوْ كُنتَ فَظًّا غَلِيظَ ٱلْقَلْبِ لَٱنفَضُّوا۟ مِنْ حَوْلِكَ ۖ فَٱعْفُ عَنْهُمْ وَٱسْتَغْفِرْ لَهُمْ وَشَاوِرْهُمْ فِى ٱلْأَمْرِ ۖ فَإِذَا عَزَمْتَ فَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُتَوَكِّلِينَ

Mapapansin na ginamit ang katagang لِنْتَ na nagpapakita ng pagiging mabanayad tulad ng pag kakagamit sa surah 20:44 sa salitang لَيِّنًا sa فَقُولَا لَهُۥ قَوْلًا لَّيِّنًا لَّعَلَّهُۥ يَتَذَكَّرُ أَوْ يَخْشَىٰ (At kausapin siya sa isang malumanay na salita, na sana siya ay magbigay ng pansin o matakot). Ang لِنْتَ (ang pinaka malapit na salin ay malumanay) ay katangiang Muslim na nagiging sangkap upang labanan ang kasamaan sapagkat sa tradisyong Muslim, ang mabuting gawa at ang masamang gawa ay hindi magkatulad sapagkat natatalo ng mabuti ang masama.

وَلَا تَسْتَوِى ٱلْحَسَنَةُ وَلَا ٱلسَّيِّئَةُ ۚ ٱدْفَعْ بِٱلَّتِى هِىَ أَحْسَنُ فَإِذَا ٱلَّذِى بَيْنَكَ وَبَيْنَهُۥ عَدَٰوَةٌ كَأَنَّهُۥ وَلِىٌّ حَمِيمٌ,

Ang mabuting gawa at ang masamang gawa ay hindi magkatulad. Iwaksi ang masamang gawa sa pamamagitan ng isang higit na mabuti, pagkatapos O! siya, sa pagitan ng kung sino at ikaw ay may pag-aaway, (ay magiging) tulad sa siya ay isang kaibigan sa dibdib [41:34].

Ang tradisyon ng pagpili sa mabuti ng isang Muslim ay isang hakbangin upang tupdin ang kanyang tindig sa katarungan o بِٱلْقِسْطِ sa pagkakagamit sa talatang ۞ يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُونُوا۟ قَوَّٰمِينَ بِٱلْقِسْطِ شُهَدَآءَ لِلَّهِ وَلَوْ عَلَىٰٓ أَنفُسِكُمْ أَوِ ٱلْوَٰلِدَيْنِ وَٱلْأَقْرَبِينَ ۚ إِن يَكُنْ غَنِيًّا أَوْ فَقِيرًا فَٱللَّهُ أَوْلَىٰ بِهِمَا ۖ فَلَا تَتَّبِعُوا۟ ٱلْهَوَىٰٓ أَن تَعْدِلُوا۟ ۚ إِن

وَإِن تَلْوُۥٓا۟ أَوْ تُعْرِضُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرًا (O kayong naniniwala! Maging matibay kayo sa katarungan, mga saksi para kay Allah, kahit ito ay maging laban sa inyong mga sarili o (inyong) mga magulang o (inyong) kaanak, kahit (ang kalagayan ay maging sa) isang mayaman o isang mahirap, sapagka't si Allah ay higit na malapit sa dalawa (kaysa inyo). Kaya huwag sumunod sa simbuyo ng damdamin kung ayaw ninyong makalimot (sa katotohanan), at kung kayo ay makalimot o mahulog palayo, sa gayon O! si Allah kailanman ay pinag-alaman ng anong inyong ginagawa) [4:135].

Mahihinuha natin na ang katarungan sa Islam ay para sa lahat at mas mabigat ang katarungan kaysa pamilya sa tradisyong Islam. Sa ating pagbalangkas sa iilang mahahalagang katangian ng Muslim at pag-uugat sa kaisipan ng pagkakakilala ng pagka Pilipino ng isang Pilipino ay maari nating mahinuha ang umiiral na karanasan na ang Pilipinong Muslim pala o ang Muslim Pilipino ay katagang patuloy na nagtatalaban [17] sa bawat isa at naglilinangan sa bawat isa. Ang kagandahang loob ng Pilipino at ang magandang asal ng isang Muslim ang nagbibigkis sa dalawang kultura at tradisyon.

*Bakla at Muslim Pilipino: Isang Hulagway ng Isang Magandang Tao*

Ating natunghayan na ang bakla sa konsepto ng kulturang Pilipino ay isang hulagway ng isang pinuno na nagpapakita ng magandang halimbawa sa larangan ng kulturang Pilipino. Sa kabilang dako naman ay nasilip natin ang ilan sa madaming halimbawa ng isang Muslim ayon sa tradisyong Islam na nakabatay sa Quran. Nakamamangha na pansinin na ang dalawang konsepto ay nagtataglay ng mga konsepto na nagpapamalas ng mabanayad na kabutihan at katarungan, mga sangkap upang maranasan ang tunay na kapayapaan sa

**Table 1.** *Hulawagway A*

| Konsepto | Katangian | Birtud tungo sa Kapayapaan |
|---|---|---|
| Muslim | 1. لِنْتَ (ang pinakamalapit na salin ay malumanay)<br>2. Mabuti<br>3. بِٱلْقِسْطِ (Katarungan ang pinakamalapit na salin) | Magandang asal, pag uugali, at kultura ng kabutihan (أدب ) |
| Bakla | 1. Banayad (tikas at malumanay napag lalahad ng katangiang lalaki at babae)<br><br>2. Mabuti (sa kulturang Pilipino) | Kabutihan, magandang layunin, at kagandahan ng loob |

isang lipunan. Ang pagkakaparehas na ito ay maaring gamiting tulay upang magkaroon ng diyalogo at maisaalang-alang sa paggawa ng batas na nauukol sa dalawang konseptong may magkaibang tradisyon ngunit may magkamukhang mga pinahahalagahang birtud na nakatago sa kanilang mga kultura.

Makikita natin sa hulagway na ang mga mahahalagang birtud ang maaring ituon upang magbigay ng puwang sa malayang kapayapaan kung saan nakatuon ito sa pagkakaparehas at pagbabago ng tingin sa kultura tungo sa pananaw sa bakla. Ang pag tutulay ng katangian ng bakla sa katangian ng isang Muslim ay isang hakbang upang matamo ang malayang kapayapaan – ang kapayapaang hindi natatakot maglahad ng sarili. Ang hiraya ng pagka-Pilipino bilang bakla at ang tugatog ng pagka-muslim ng Muslim ay tila baga magkaiba. Ngunit kung susuriin natin gamit ang hulagway mula sa paglalahad ng saysay sa kasaysayan ay makakakita tayo ng tahasang pagkakahawig na maaring gamitin upang maitulay ang dalawang matandang tradiyon. Ang لِنْتَ (ang pinaka malapit na salin ay malumanay) at بِٱلْقِسْطِ (katarungan ang pinakamalapit na salin) ay mga katangiang Muslim na nakapaloob sa konsepto ng mabuting asal o adab ( أدب ) sa tradisyong Islam na kung susuruin ay may ng tahasang pagkakahawig sa kagandahang hatid ng isang bakla. Ang ganda ay isang positibong karanasan ng mga pPlipino tulad ng nabanggit na ang kagandahan ay hindi mahihiwalay sa kabutihan. Ang kabutihan ng isang bakla ay nakaangkla sa kultura ng pagiging banayad na nakaangla sa kabutihan, magandang layunin, at kagandahan ng loob ng isang Pilipino.

## Conclusion (*Pang wakas*)

Ang pananaw ukol sa bakla ay isang buong pilosopiya ng tao na dapat ituon sa katutubo at matandang pananaw ng mga ninuno dahil ito ay nagpapalinang ng mga birtud ng paggalang, bukas sa pagkakaiba-iba, at may malawak na pag unawa sa pagkilala ng walang hanggang posibilidad ng isang tao nang sa gayong pamamaraan ay makikita natin na ito ay tumutugma sa matandang tradisyon ng Islam na nakaugat sa pag unawa sa mga aral na lumilinang sa pagpapakatao ng isang tao. Totoong madaming aspeto ang hindi pa naitutulay sa papel na ito ngunit ating napatunayan na maaari itong simulan sa pagkakapareho ng dalawang matandang tradisyon na mula sa Asya: ang tradisyon ng Islam at ang tradisyon sa karanasan ng mga Pilipino. Ang paglilinang ng tamang pag unawa sa mga bakla ay isa sa mga susi sa pang araw-araw na karanasan ng malayang kapayapaan sa Bangsamoro sapagkat ito ang huhubog sa batas na nangangalaga sa kapayapaang hindi natatakot maglahad ng sarili. Isang malayang kapayapaan.

## Acknowledgments (*Pasasalamat* )

Ang papel na ito ay para sa lahat ng mga naniniwala sa katuturan ng kapayapaan mula sa lahat ng tradisyon, pananampalataya, at pangkat. Pakundangan sa hiraya ng mabathalang pagaaral at sa bayang sinilangan.

## References (*Sanggunian*)

1. Pagbibihis babae o hindi naman kaya ay pakikipag relasyon sa kapwa kasarian na ayon sa pangunahing turo ng islam ay haram at sa tradisyonal na teolohiya ng Kristyano ay kasalanan na mababasa sa katekismo ng simbahang katoliko, 2351, 2391, 2396 at sa hadith na Al-Tabarani in al-Mu'jam al-Awat: 4157, Al-Bayhaqi, Su'ab al-Iman: 5075
2. Wittgenstein L. (1955) Tractatus Logico Philosophicus. UK: Linkgua, 23
3. Gender Expression
4. Tan ML. (2001) "Survival Through Pluralism: Emerging Gay Communities in the Philippines". Journal of Homosexuality. 40 (3/4): 117–42
5. Third sex ayon sa manunulat na si Michael L Tan sa Aggleton, Peter. (1999) Men who sell sex: international perspectives on male prostitution and HIV/AIDS. Temple University Press. p. 246
6. Biological male
7. UNDP, USAID. (2014) Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report. Bangkok
8. Britannica, T. Editors of Encyclopaedia. "Barangay." Encyclopedia Britannica, February 26, 2015. https://www.britannica.com/topic/barangay.
9. Lalo na noong unang panahon ang sukat ay hindi malalaki tulad ng mga pamayanan sa kanluraning karanasan
10. Ang pinaka malapit na maari kong gamitin sa paliwanang na ito ay ang katagang alemanya na gemeinschaft ngunit ang karanasang ito ay hindi padin sapat upang ilarawan ang samahan ng mga tao sa langgal dahil ito ay may kaakibat na ispiritwal na aspekto
11. Sa orihinal na sitas ginamit ang katagang “pretended” kung saan hindi tugma sa karanasan ng mga Pilipino sapagkat ang pagkababae ng mga babaylan ay totoong karanasang nakaugat sa kultura at hindi pangpapanggap lamang
12. Firmage, Edwin Brown and Weiss, Bernard G. and Welch, John W. Religion and Law. 1990, page 202-3
13. Scott WH. (1994) "Introduction". Barangay: sixteenth-century Philippine culture and society. Ateneo de Manila University Press. pp. 6–7
14. Ayon sa “preamble” ng konstitusyon noong 1987 ng bansang Pilipinas
15. Gordon, Matthew; Gordon, Professor of Middle East Islamic History Matthew S (2009) Matthew S. Gordon and Martin Palmer, Islam, Info base Publishing, 2009. p. 87.
16. Ayun sa salin ni Roberto "Abdul Rakman" H. Bruce sa The Holy Quran (Koran) to Filipino national language (Tagalog) orihinal na nalimbag noong 1982
17. Active Interaction